yunPALAYun

Mga DAPAT sa APAT na Gawain sa Pagpapalayan

Masaganang ANI Mataas na KITA
RICE COMPETITIVENESS
RCEF
ENHANCEMENT FUND
EXTENSION PROGRAM

SA PAGHAHANDA NG LUPA

***SAYANG** ang 5 sako na pwedeng mawala sa bawat 100 sakong ani kung di-patag ang lupa.*

DAPAT patag ang lupa. Mapapadali ang pamamahala ng abono, tubig, at mga peste (kuhol at damo), at ang paggamit ng makina; sabay-sabay mag-uuhay ang palay; at pantay ang paghinog ng mga butil.
#yunPALAYun

SA PAGTATANIM

***SAYANG** ang P1,500 kada ektarya kung sobra-sobra ang ipupunla.*

DAPAT magpunla lamang ng 40kg na binhi para sa isang ektarya kung lipat-tanim. Patubuin ang 40kg ng binhi sa 400m² punlaan. Gumamit ng *mechanical transplanter* kung mahal ang upa sa mga manananim.

Sa mga lugar na akma ang sabog-tanim, **dapat** 60-80kg na binhi kada ektarya.
#yunPALAYun

DAPAT gumamit ng Leaf Color Chart (LCC), Minus-One Element Technique (MOET), at Rice Crop Manager (RCM) para sa mas saktong *element, amount*, at *timing* ng paglalagay ng abono. ***#yunPALAYun***

SA PAGPAPATABA

SAYANG kapag mali ang uri at wala sa tiyempo ang iyong pagpapataba.

DAPAT 3-4 sako ng triple-katorse ang gamitin 0-14 araw pagkalipat o 7-10 araw pagkasabog-tanim. Sundan ng isang sakong *urea* o dalawang sakong *ammonium sulfate* habang nagsusuwi at isang sakong *urea* sa paglilihi.

Nitroheno ang gamitin para sa pagbulas at pagbuwelo; posporo para sa pag-uugat at pagsusuwi; at potasyo para sa matibay na palay at mapipintog na mga butil.

DAPAT ikalat ang dayami at i-araro sa lupa, siya pang pataba at pangundisyon sa lupa. Huwag itong sunugin. Ang dayami nang 5 toneladang ani mula sa isang ektarya ay katumbas ng 3 sakong 0-0-60 at 1 1/3 sakong *urea.*

SA PAMAMAHALA NG PESTE

SAYANG kung bara-bara ang paggamit ng pestisidyo, talo ka na, baka may utang ka pa, at nakasira ka pa sa kapaligiran.

DAPAT sa unang 30 araw pagkalipat-tanim o 40 araw pagkasabog-tanim, huwag mag-spray ng insecticide. Kainan man ng peste ang dahon ng palay, tutubo ulit yan.

Namamatay din sa pag-spray ang mga tanod-palay o kakamping organismo. Bigyan sila ng tahanan: ***DAPAT*** magtanim ng gulay o mga namumulaklak sa mga gilid ng palayan. ***#yunPALAYun***